

WARM-UP

- Sa mga kapatid o kaibigan mo, anuman ang kanyang edad, sino ang tila may awtoridad o likas na lider? Paano mo ito nasabi?
- Ano ang paborito mong kwento tungkol sa isang *underdog* o isang taong talunan? Bakit mo nagustuhan ang kwentong ito?
- Nahihirapan ka bang humingi ng tulong? Bakit oo o bakit hindi?

WORD ²⁰*Nang araw ding iyon, muling nagsalita ang PANGINOON kay Hageo.* ²¹*Sinabi niya, “Sabihin mo kay Zerubabel na yayanigin ko ang langit at ang mundo.”* **HAGEO 2:20-21**

(Basahin din ang **HAGEO 2:22-23.**)

Sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni Hageo na yayanigin Niya *ang langit at ang mundo*. Habang ang *mga karwahe at ang mga sakay nito* (Hageo 2:22) ay simbolo ng lakas militar ng isang kaharian, idineklara ng Diyos na Siya ang namamahala. Siya ay may kapangyarihan at kakayahang pabagsakin ang mga kaharian at wakasan ang kapangyarihan nila. Ngayong linggo, titingnan natin ang dalawang katotohanan sa aklat ni Hageo na nananatiling totoo hanggang ngayon.

1 | Ang Diyos ay pinakamakapangyarihan sa lahat.

²¹"Sinabi niya, "Sabihin mo kay Zerubabel na yayanigin ko ang langit at ang mundo. ²²Ibabagsak ko ang mga kaharian at wawakasan ang kapangyarihan nila. Ibubuwal ko ang kanilang mga karwahe at ang mga sakay nito. Mamamatay ang mga kabayo at magpapatayan ang mga mangangabayo." **HAGEO 2:21-22**

Ang Diyos ang nasa likod ng bawat pagkatatag at pagbagsak ng mga kaharian. Malaki ang epekto ng pulitika at kapangyarihan sa pagpapatakbo ng mundo at ng ekonomiya, subalit alam ni Hageo na ang Diyos ang tanging makapangyarihang hari. Ang pagyanig sa mga bansa ay bahagi ng plano ng Diyos upang maging Kanya ang mga kaharian sa mundo. Kahit sa pagsunod natin sa Diyos, kailangan nating kilalanin na ang mga bansa ay naitatatag at naibabagsak, ngunit ang Diyos pa rin ang pinakamakapangyarihan sa lahat. Ano ang pangitaing isinasaad sa Pahayag 11:15 tungkol kay Jesus at sa Kanyang kaharian? Paano nakapagbibigay sa iyo ang kapangyarihan ng Diyos ng kapayapaang hindi lamang para sa buhay dito sa mundo?

Ang Diyos ang naglalagay sa mga tao sa lugar upang tuparin ang Kanyang layunin.

“At sabihin mo rin kay Zerubabel na aking lingkod na sa araw na iyon ay pamamahalin ko siya sa pamamagitan ng aking kapangyarihan, dahil siya ay hinirang ko. Ako, ang PANGINOONG Makapangyarihan, ang nagsasabi nito.” HAGEO 2:23

Ang *signed ring* ay isang uri ng singsing na may nakaimprenta na kumakatawan sa isang tao, angkan, o organisasyon. Noong panahon ng mga hari, ang singsing na ito ay simbolo ng awtoridad ng haring nagmamay-ari nito. Mahalaga ang propesiya ni Hageo sa mga Israelita dahil muling ipinapahayag ng Diyos ang pangako Niyang magtatalaga Siya mula sa angkan ni David (Zerubabel) ng isang hari. Ipinapakita nito sa atin ngayon ang katotohanang ang Diyos ang naglalagay ng mga tao sa posisyon upang tuparin ang Kanyang layunin. Ang Diyos ay may kapangyarihang magtatag at magpabagsak ng mga bayan at mga may kapangyarihan, at inutusan Niya tayong gawin ang Kanyang gawain (Mateo 28:18–20). Ano ang naging tugon mo sa dakilang kapangyarihan ng Diyos at sa utos Niyang magdisipulo?

APPLICATION

- May kapangyarihan ang Diyos na tanggalan ng lakas ang mga bansa. Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang mga bagay o tao na inaasahan mong magbibigay sa iyo ng katiyakan maliban sa Diyos. Isuko ang mga ito sa Kanya.
- Inilalagay ng Diyos ang mga tao sa posisyon upang tuparin ang Kanyang mga layunin. Paano nakapagbibigay sa iyo ang katotohanang ito ng kapanatagan tungkol sa layunin mo sa mundo? Paano natin maipapahayag ang katotohanan ng dakilang kapangyarihan at pagtawag ng Diyos sa pananaw natin sa ating bayan at pamahalaan?
- Ano ang mga bagay na pinaniniwalaan mong ipinapagawa sa iyo ng Diyos ngayon para sa gawain ng Kanyang kaharian?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa dakilang layunin na Kanyang tinutupad. Pasalamatang Siya sa pagbibigay ng pagkakataong sumunod sa Kanya.
- Humingi ng biyaya sa Diyos upang manatili kang matatag sa Kanya, kahit yanigin pa Niya ang langit at ang mundo. Hilingin na malaman mo ang kagustuhan Niya at ipanalangin na patuloy kang mamumuhay ayon sa Kanyang pamamaraan.
- Ipanalangin ang iyong bansa. Ipanalangin na habang niyayanig ng Diyos ang mga bansa, ang mga tao ay lalapit sa Kanya at makikinig sa Kanyang tinig. Ideklara ang kagustuhan ng Diyos sa iyong bansa.

NOTES



VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ng Kasulatan ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng materyal: Ruth Gloria, Madel Vanguardia
victory.org.ph